



MGA DAPAT MALAMAN TUNGKOL SA NALALAPIT NA CENSUS 2020

Ano ang sensus?

Sa ilalim ng Saligang Batas ng Estados Unidos ang sensus ay isinasagawa kada sampung taon upang bilangin ang bawat mamamayan sa bansa. **Ika-1 ng Abril ang araw ng sensus.**

Bakit mahalaga ang impormasyong makukuha sa sensus?

Ang bilang ng mga mamamayan sa bansa ang basehan ng bilang ng kinatawan ng bawat estado sa kongreso, at ng pantay-pantay na pagbabahagi ng pondo ng gobyerno sa mga tribo, estado, lokal na pamahalaan, paaralan, ospital, mga programa sa komonidad at mga serbisyong tutugon sa panahong may emerhensiya at kalamidad.

Paano pinangagalagaan ang mga impormasyong makukuha sa sensus?

Ang sagot sa mga tanong sa sensus ay kompidensiyal at protektado ng batas. Bawat kinatawan ng U.S. Census ay sumumpang poprotektahan ang mga personal na impormasyon na nakukuha sa sensus. Labag sa batas na gamitin ang mga impormasyon laban sa indibidwal at ibahagi ang impormasyon sa mga ahensiya ng gobyerno tulad ng FBI, DHS, USCIS at ICE.

Ano ang mga tanong sa sensus?

- Bilang ng tao sa inyong tirahan (ibilang ang mga kabataan)
- Kung ang tirahan ay sariling bahay o inuupahan
- Numero ng telepono
- Pangalan ng lahat ng nakatira
- Ilang taong gulang
- Kasarian
- Lahi

Ano ang mga HINDI itatanong?

- Numero ng Social Security
- Numero ng account sa bangko o debit/credit card
- Kung kayo ay US Citizen o may dokumento
- Partidong pang-politika

Kailan at paano sasagutan ang sensus?

Maaaring sagutan online o sa telepono ang sensus sa Marso 2020.

Maaari ding sagutan ang matatanggap na form sa koreo na nasa wikang Ingles at Espanyol. Walang form sa wikang Tagalog.

Pagdating ng Mayo at hindi pa natanggap ng US Census Bureau ang inyong sagot, may mga kawani ang ahensiyang pupunta sa inyong tirahan upang personal na kunin ang inyong impormasyon.

Sino ang dapat isama sa bilang?

Lahat ng naninirahan sa inyong tahanan ay kabilang, buong pamilya, kamag-anak, kaibigan at iba pang kasama sa bahay.

Hindi dapat mangamba kahit wala kayong tamang dokumentong manirahan sa Amerika o rekord ng pag-labag sa batas.

